



EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

ADVISORY NO. 16-18
21 March 2018

SA MGA KAIBIGAN AT KAKILALA NI GINA MIGUEL ALEJANDRO

Ipinagbibigay-alam po ng Embahada na magkakaroon ng pagkakataon na magpaalam sa ating namayapang Kababayan na si Gina Miguel Alejandro bukas, *22 Marso 2018, 10:00 hanggang 10:20 ng umaga, sa morge sa Istra sa labas ng Moscow* bago ililipad ang kanyang mga labi sa Pilipinas para makapiling ang kanyang pamilya. Ang mga interesadong pumunta ay maaaring makipag-ugnayan sa Embahada by phone (+79067382538). Limitado lang po ang maaaring dumalo.

Ayon sa mga opisyal, ang pagpanaw ni Gina ay bunga ng natural na kadahilanan. Ang Embahada po ay nakikipag-ugnayan sa pamilya ni Gina, sa tulong ng DFA. Lahat ng paghahanda para sa maayos na pagbalik ng labi ay aming isinagawa.

Nagpapasalamat kami sa lahat ng mga nagmamalasakit at nagdarasal para kay Gina.

Pinapayuhan po ang lahat ng ating mga Kababayan na laging bantayan ang inyong kalusugan, siguraduhin na may nararapat na pahinga, at inumin ang naayon na gamot.


CARLOS D. SORRETA
Ambassador